

Ang iisang paa ng tsinelas

1. Bakwet
2. Tigso
3. Ang iisang paa ng tsinelas
4. Ulo, abaga, hawak, dapidapi
5. Mga Tunog
6. Bahay-bahayan
7. Ang Tent City
8. Munting Tinig
9. Mutya ng Relief
10. May Tambaloslos
11. Istorya ng kababalaghan
12. Bola at pangalan
13. Bagong bahay, bagong pag-asa
14. Pangalawang Tunog

I. Bakwet

Isa, dalawa, tatlo,
mga langgam ay nagkakagulo.
Apat, lima, anim,
kanya-kanyang bitbit ng mga pagkain.
Kaliwa, kanan, liko, sangang-daan,
sila ay nagmamartsa sa kalsada.

Ang tanong ni Muntazar,
bakwet ba ang mga langgam Inâ?
Hindi anak, nag-iipon sila ng makakain.

Nang makita ni Saripa ang grupo
ng mga ibong nagsisi-alisan,
bakwet ba ang mga papanok Amâ?
Hindi anak, may inuuwian silang tahanan.

Nang makita ni Leila,
ang mga nagliliparang tutubi,
bakwet ba ang mga alindanaw Babu?
Hindi anak, malaya silang naglalaro.

Isa, dalawa, tatlo,
lahat kami nagkakagulo.
Apat,lima anim,
kanya-kanyang hakot ng dalahin.
Kaliwa, kanan, liko, sangang-daan,
pinapalikas ang buong bayan,
dahil may nakaamba
na namang digmaan.

- *Bakwet – Internally Displaced Persons (IDPs).*
- *Babu- tiyahin*
- *papanok- salitang Maguindanao/Maranao ng ibon*
- *alindanaw- tutubi*

II. Tigsò

Ratatatatat, ratatatatat,
takbo rito, takbo roon.
Pakapakpakpak, bangbangbang,
huli rito, huli roon.

Ay parang tigsò
kung sila ay maglaro.
Unahan, diskartehan,
agawan, teritoryohan.

Ang sabi ni inay
tuwing may putukan,
naglalaro na naman ng tigsò
ang mga wa'y sapatos at sundalo.

At tuwing sila ay nagtitigso,
napapasigaw kami,
D'yos ko, D'yos ko.
Napapalipad ang mga manok,
kokokokokokkk.
Napapatalilis si kalabaw,
unnngggaaaaa.
Napapabalentong si kambing,
mmmeehhhhhh.
Namumutla ang mga uwak,
wakwakwakwakkk.

Dapa rito, hupo roon,
Tago rito, tago roon.

Ang pinaka ayoko sa larong ito,
ay noong hindi na nakita ang tatay ko.
Saan kaya siya nagtatago?

- *tigso- o dakpanay ay katutubong laro kung saan may dalawang grupong nag-aagawan ng teritoryo)*
- *wa'y sapatos – tawag sa mga NPA.*

III. Ang iisang paa ng tsinelas

Bakit iisa ang paa ng tsinelas mo Saripa?
Siguro naiwan mo nang tumalilis kayo.
At hindi mo namalayan na iisa na lang.

Siguro ay tumilapon ito kung saan,
napigtas at natapakan.
Siguro ay inuna mong dalhin
ang damit at mga laruan mo,
at hindi mo namalayan na iisa na lang.

Hayaan mo , bibigyan kita ng bago,
'yung maraming kulay,
may tatak mickey mouse.
O kung gusto mo, yung
may dekorasyong mansanas.

Huwag na po Sir,
sinadya ko talagang iwan
'yung isang paa, ang sabi ni Saripa.

Kahit manipis, buo pa naman,
kahit putikan, nagagamit pa naman.
Balang araw babalik kami roon,
dahil naghihintay,
si alagang kambing at ang iisang paa
ng aking tsinelas.

IV. Ulo, abaga, hawak, dapidapi

Paboritong kanta ito ni Maling.
Itinuturo niya sa mga paslit
upang kanilang matutuhan,
ang mga bahagi ng katawan.
Ulo, abaga, hawak, dapidapi
tuhod, tiil, tuhod, tiil.

Madalas ang putukan sa bayan,
tinatangalan sila ng katahimikan,
hindi niya maintindihan ang dahilan.
Tangtang, abaga, hawak,
dapidapi, tuhod, tiil, tuhod, tiil.

Nag-aalsa balutan ang mamamayan,
nililisan ang kanilang tahanan,
hindi nila alam ang patutunguhan.
Tangtang, tangtang, hawak,
dapidapi, tuhod, tiil, tuhod, tiil.

Nahahagip ng bala
ang mga paaralan at simbahan,
hindi nila alam kung meron pang babalikan.
Tangtang, tangtang, tang-tangtang,
dapidapi, tuhod, tiil, tuhod, tiil.

Hindi inaasahan mula kung saan,
naligaw ang bala sa katawan ni Maling
at ang binti niya ay kailangang putulin.
Tangtang, tangtang, tang-tangtang,
tangtang tuhod, tiil, tuhod, tiil.

Gayunpaman patuloy pa ring
kumakanta si Maling,
upang pahalagahan ng mga paslit,
ang mga bahagi ng katawan.
Tangtang, tangtang, tang-tangtang,
tangtang, tangtang, tiil, tangtang tiil.

Kinakanta niya rin ito sa bayan
upang paalalahan ang lahat
sa kahihinatnan kapag nagpatuloy ang digmaan.

*Tangtang, tangtang, tang-tangtang,
tangtang, tangtang tanan, tangtang tanan.*

(Ang kantang Ulo, abaga, hawak, dapidapi ay Cebuanong berso ng kantang "Paa, tuhod, balikat ulo",

- *abaga (balikat),*
- *hawak (balakang),*
- *dapidapi (puwit)*
- *tiil (binti),*
- *tangtang (kunin/tanggal)*
- *tanan (lahat).*

V. Mga tunog

Labdab labdab labdab,
hindi ito tunog ng puso.
Ito ay pintig ng pangamba,
tuwing may giyerang nakaamba.

Dong dong dong,
hindi ito tunog ng *agung*.
Ito ay dagundong
ng pag-aalinlangan ni Leila
tuwing may kumakatok sa pintuan.

Tang tang tang,
Hindi ito tunog ng *kudlung*
Ito ay kaskas ng takot ni Aya
tuwing may nagroronda sa daan.

Wosh wosh wosh,
hindi ito oyayi ng amihan,
Ito ay pangangatog sa lamig
nila Iyad at ng mga nabagyuhan.

Mga tunog sa isipan
nila lumulukob,
kung hindi mapapalitan,
baka sasaklaw
sa paglaom ng kabataan.

- *Kudlung* – o *kuglong* isang uri ng gitara ng mga Manobo.

VI. Bahay-Bahayan

Iposte ang mga kawayan
dahil tatayo itong haligi,
sa tahanang nasawi.

Iwagayway ang mga trapal,
dahil ito ay magiging kisame,
ngayong maulan na gabi.

Ilapag ang mga karton,
dahil ito ay magiging banig,
sa matigas na sahig.

Sa pagtulog ay umupo na lang,
para kumasya ako,
si ama, inay, ate at kuya.

Ilambitin si bunsoy
gamit ang malong,
upang akalain niya,
siya ay kinakalong.

Ang nasambit ni kuya Iyad,
sa pabago-bagong klima,

mas maigi pa ang gagamba
laging handa ang
tig-iisang kuwarto nila.

VII. Tent City

Tuloy kayo sa Tent City.
Marami itong silbi,
sa aming tawag nila ay IDP.

Minsan isa itong palaruan,
may nagtatakbuhan at nagtataguan.

Minsan isang paaralan,
may nagtuturo at nagpapaalala.

Minsan ay health center,
may nurse, BHW, at kumadronea.

Kadalasan ito ay parke,
araw-araw may bisita,
nagtatanong, nangugumusta,
at minsan ay nangangampanya.

Marami rito ay libre,
kailangan lang pumila at pumirma.

Iba-iba ang mukha sa Tent City.
Pero hindi ito ang aming tahanan,
hindi rito ang aming bayan.

(Tent City ang tawag sa lugar kung saan itinatayo ang pulutong ng mga tent na tinitirhan ng mga bakwet o IDP (Internally Displaced Persons) pagkatapos ng isang giyera o bagyo. Ito ay karaniwang tumatagal sa tatlong buwan o mahigit).

VIII. Munting tinig

Magaling sa kantahan si Niki.
Boses daw ang kanyang puhunan,
para makalipat mula sa Tent city.

Pag nanalo siya sa kontis,
magpapatayo siya ng bahay.
Manghihingi siya ng pako,
Manghihiram ng lagari at martilyo,

Pag nanalo siya sa kontis,
bibili siya ng semento,
panggawa ng haligi.
Bibili siya ng plywood,
para maging dingding.

Mangangalaka siya ng bakal,
panggawa ng pintuan at bintana.
Mamumulot siya ng yero at gulong,
para maging bubong.

Kaya nagsasanay siya araw-araw,
para matupad ang kahilingan,
habang pumipila ng relief,
habang nagpapakulo ng noodles,
habang nagsasaing ng bigas,
habang nangangarap sa loob
ng mainit na Tent city.

IX. Mutya ng Relief

Parang tanghalan ng relief,
ang unang buwan,
sa evacuation center.

Kayraming tao,
kayraming larawan,
makulay, maingay,
parang piyesta,
may patimpalak
ng mga mutya.

Sumisigaw ang emcee,
naghahandog ng mga
relief na saya ang dulot.

Unang kalahok,
 sampung kilong bigas.
Pangalawang kalahok,
 limang pack ng noodles.
Pangatlong kalahok,
 tatlong lata ng sardinas.
Pang-apat na kalahok,
 dalawang metro ng trapal.
Panglimang kalahok,
 isang galon ng tubig.

Kapag sila ay rumarampa,
may kanya-kanyang
pambungad na salita,
from the office of,
the kind people of,
puso at pamilya,
kapatid at kabarkada.

Marami ang gustong manood,
pero hindi lahat pinapapasok,

dahil hindi nakasulat
ang kanilang pangalan sa talaan.

Sumisigaw ang emcee ng pila,
nagpapaalala siya ng pirma,
kumakaway pasasalamat sa donors,
upang matuwa naman sila.

Mga piling hurado,
sa unang buwan ng tanghalaan,
sino nga ba ang nanalo?

X. May Tambaloslos

Psst, psst, psst.

Ading, may namimigay ng kendi sa dilim.

Huwag kaagad tanggapin,
baka mapakla at ikaw ay aantukin.

Psst, psst, psst.

Balong, may tumatawag sa dilim.

Huwag magtiwala sa sutsot
dahil baka may manghablot.

Psst, psst, psst.

Inday, may nag-aalok ng trabaho,

kapalit ay malaking sweldo.

Tumakbo ka papalayo
dahil ito ay panloloko.

Psst, psst, psst.

Ali, may namimigay ng armas

Huwag mong hahawakan,
dahil hindi ito laruan.

Mga bata iwasang mag-isa
o pumunta sa dilim,
dahil sa evacuation center,
marami ang lumalabas
na tambaloslos.

(Ayon sa kwentong bayan, ang tambaloslos ay nakakatakot na nilalang na may napakalaking ari at nililigaw ang mga bata sa daan. Tinatawag ding tambaloslos o tambalolo ang mga manggaganso, mandarambong, at walang pakinabang sa lipunan).

Ang Inday, Balong (Cebuano), Ading (Ilocano) at Ali (Maguindanao) ay tawag sa nakakabatang kapatid o anak sa ibat-ibang salita.

XI. Istorya ng kababalaghan

Marami ang kumakalat
na istorya ng kababalaghan.
Ito ay tungkol sa manananggal,
multo, at tagolilong.

Tuwing may *relief goods* raw,
umaatake si manananggal.
Ang sampung kilo ng bigas,
tinatangalan ng lima.
Mga bigay na damit,
tinatangal ng mga imported.
Mga tulong na pundo,
tinatangal ang kalahati nito.

Kapag may *cash-for-work*,
nagpapakita ang mga multo.
Tumatanggap ng cash
ang mga taong malaon nang
nasa kamposanto.

Si tagolilong naman ay nandiyan lang,
pero hindi mo agad nakikita.
Magdaos ka ng seremonya,
lilitaw siya at ngingiti pa.
Kapag may problema,
ayyy biglang nawawala.

Mga bata, kapag may nakita
kayong ganito,
ano ang gagawin ninyo?

(Ang tagolilong ay mga nilalang na may kapangyarihang maging inbisibol)

XII. Bola at Pangalan

Maglaro tayo ng panga-pangalan.
Ipasa ang bola sa inyong katabi,
'pag tumigil ang kanta
at nasa iyo ang bola
sagutin ang katanungan.

Ano ang pangalan mo,
ilang taon ka na,
saan ang bayan mo?

Nang mapunta ang bola
sa batang matakutin,
tinanong siya ng katabi,
ano ang pangalan mo?
Saan ang bayan mo,
ilang taon ka na?
Naku, bigla siyang umiyak
at nagtago ang batang matakutin.

Ale, ano ang pangalan niya?
Hindi ko rin siya kilala,
baka bagong bakwet.
Tumingin ang ale
sa batang matanungin.
Maswerte ka,
natatandaan mo pa ang bayan mo,
natatandaan mo pa ang pangalan mo.
Hindi lahat nakakaalala.

XIII. Bagong bahay, bagong pag-asa

Sa wakas, may bahay na tayo,
pinagawa ng gobyerno.
Magbihis daw ako ng maganda
kasi isasali ang mga bata
sa paggupit ng laso dahil
ibibida ang ating mga bahay
sa maraming tao.

Pagdating namin sa seremonya
doon sa may tuktok ng bundok,
tumambad ang limang kubong magkakarugtong,
maraming taong magagara ang sasakyan
maraming kamera, lobo,
at mahaba ang gugupitin naming laso.

Kumuha si Ma'am ng martilyo,
pinukpok ang kisame, ngiti sa kamera.
Kumuha si Sir ng pala,
naghukay sa lupa, ngiti sa kamera.
Pinaupo kaming mga bata
sa ilalim ng malalaking letra:
"Bagong Bahay, Bagong Pag-asa,"
ngiti rin sa kamera.

XIV. Pangalawang Tunog

Labdab labdab labdab,
Ito ang pintig ng puso
ng sanggol na pinapasuso,
malayo sa Tent city.

Dong dong dong,
Ito ay tunog ng *agung*,
hudyat ng bagong buwan.

Tang tang tang,
Ito ay kaskas ng *kudlung*,
pagsisimula ng diskusyon
ng karapatan at kapayapaan.

Wosh wosh wosh,
Hindi ito hanging mapamukxa
kun'di pagpapaala ng tamang
aksyon, kapag may baha
at bagyong mapaminsala.